# LAGUNA HONDA HOSPITAL AND REHABILITATION CENTER
# MGA PATAKARAN AT RESPONSIBILIDAD

Layunin ng Laguna Honda Hospital and Rehabilitation Center (Laguna Honda) ang tulungan ang bawat indibidwal na aming pinangangalagaan na makamit ang pinakamataas na antas ng kalayaan sa pamamagitan ng pagpapanatili ng nagpapahilom na kapaligiran. Ang mga pangangailangan sa pangangalaga ng buong populasyon ng aming residente na kinabibilangan mo ay ang aming nangungunang priyoridad. Upang makatulong na gawing matagumpay ang iyong pamamalagi sa Laguna Honda at upang maigalang ang iyong mga kapwa residente, hinihiling namin na sundin mo ang mga patakaran at responsibilidad na ito:

1. MGA ORAS NG PAGBISITA. Ang pakikisalamuha ay bahagi ng proseso ng paggaling, at hinihikayat ka naming magkaroon ng mga bisita. Tinatanggap ang iyong pamilya at mga kaibigan na bisitahin ka sa Laguna Honda. May karapatan kang tumanggap ng mga bisita na pipiliin mo sa oras na pipiliin mo. Ang aming inirerekomendang mga oras ng pagbisita ay mula 10:00 am hanggang 9:00 pm araw-araw. Hinihiling namin sa mga bisita na magbigay ng paunang abiso upang maisaayos ang mga pagbisita nang ayon sa iyong iskedyul, rehabilitasyon, at mga klinikal na appointment, at iba pang mga aktibidad. Ang mga bisita ay kailangang mag-sign-in sa information desk ng Pavilion lobby at sa nursing station sa iyong yunit.

2. PAG-ALAM SA LAGUNA HONDA. Kapag ikaw ay ini-admit, kukumpletuhin namin ang komprehensibong pagsusuri sa iyong mga kalagayang klinikal at sa buhay at ipapaalam sa iyo ang tungkol sa Laguna Honda setting. Sa dalawang linggong prosesong ito, hinihiling namin na isaalang-alang mo ang pamamalagi sa pasilidad at hindi lumabas nang may pass nang mas matagal.

3. LUMABAS NANG MAY PASS/NAG-LEAVE OF ABSENCE. Maaari kang humingi ng pahintulot na umalis ng campus sa pamamagitan ng out on pass order (bilin na lumabas nang may pass) ng iyong doktor. Ang mga pass para umalis ng campus ay kailangang makuha sa pamamagitan ng bilin ng doktor. Hindi ka dapat umalis ng campus nang wala ang out-on-pass order mula sa iyong doktor at koordinasyon sa iyong Resident Care Team. Kung aalis ka ng pasilidad nang wala ang out-on-pass order, maaari kang ma-discharge nang Against Medical Advice (AMA, Laban sa Medikal na Payo).

    a. Kapag umalis ka sa iyong yunit para sa out on pass o mga pangangailangang medikal na appointment, makipag-ugnayan sa isang miyembro ng iyong Resident Care Team. Mag-sign out kapag umalis ka sa yunit at mag-sign in sa Nurses’ Station sa iyong yunit kapag bumalik ka.

4. PAG-DISCHARGE SA LAGUNA HONDA. Ang pagtatakda ng layunin kasama ang iyong Resident Care Team para bumalik sa komunidad ay magsisimula sa oras na ma-admit. Kailangan ng Resident Care Team ang iyong tulong para lumikha ng pinakamahusay na plano ng pag-discharge para sa iyo na sumusuporta sa iyong pinakamataas na antas ng kalayaan. Ihahanda ka ng iyong Resident Care Team para sa pag-discharge sa oras na makamit ang iyong mga layunin sa rehabilitasyon, tumigil na ang iyong pag-unlad, at/o ang iyong mga pangangailangan sa terapiya ay maaaring matugunan nang mas mabuti sa isang alternatibong pasilidad.

5. PAGSALI SA ACUTE O SKILLED NA REHABILITASYON. Ang iyong pamamalagi sa Laguna Honda ay maaaring dumepende sa iyong nagpapatuloy na pakikilahok at pag-unlad sa iyong plano ng pangangalaga ng residente, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa iyong mga serbisyong skilled nursing at/o terapiyang rehabilitasyon o mga katulad na serbisyo. Sa pangkalahatan, ang mga appointment para sa terapiya ay naka-iskedyul sa pagitan ng 8:00 am hanggang 4:00 pm, 7 araw sa isang linggo.

6. PAGLIPAT SA LOOB NG LAGUNA HONDA. Ang Laguna Honda ay nagkakaloob ng pangangalaga sa mga pasyente at residenteng may iba't ibang pangangailangan, at sa panahon ng iyong pamamalagi, maaari ring magbago ang iyong mga pangangailangan. Upang mapagkalooban ka ng pinakanaaangkop na pangangalaga sa panahon ng iyong pamamalagi, maaari kang mailipat mula sa isang yunit, sambahayan, o silid patungo sa iba. Kung kailangang lumipat, isang miyembro na mula sa iyong Resident Care Team

ang magbibigay sa iyo o sa iyong kinatawan ng paunang abiso kapag posible, at ipapaalam sa iyo ang bago mong espasyo at ipakikilala ka sa iyong mga kasama sa silid.

7. Kailangang mapatakbo nang ligtas ang mga WHEELCHAIR. Maaaring suriin ng mga occupational therapist at makipagtulungan sa iyo upang malaman ang naaangkop na kagamitan at mga setting na kailangan para sa ligtas na pagpapatakbo ng iyong wheelchair habang nasa Laguna Honda. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, bilis ng iyong de-kuryenteng wheelchair, pagsasanay upang mapabuti ang mga teknik sa pagpapaandar, pagpoposisyon, mga maiaakmang device, at marami pa. Inaasahan ng Laguna Honda na sa lahat ng oras ay pinapatakbo mo ang iyong wheelchair nang ligtas, na ginagalang ang daloy ng mga bukas na espasyo sa loob ng pasilidad at sa campus sa kabuuan, at hindi pinapatakbo ang iyong wheelchair habang nasa impluwensya ng alkohol o mga ipinagbabawal na gamot.

8. **MGA IPINAGBABAWAL NA AKTIBIDAD NA MAAARING MAGRESULTA SA IYONG PAGKAKA-DISCHARGE – IPINAGBABAWAL ANG HINDI AWTORISADONG PAGGAMIT O PAGKAKAROON NG ALKOHOL, MGA IPINAGBABAWAL NA GAMOT AT/O PARAPERNALYA NG DROGA.** Upang maitaguyod ang ligtas at mabuti sa kalusugan na nakapagpapahilom na kapaligiran para sa ating mga residente at pasyente sa Laguna Honda, sumasang-ayon kang tumigil sa pagkakaroon o paggamit ng anumang mga droga o alkohol na hindi inireseta ng iyong medical team. Kung mayroon kang kasaysayan ng paggamit ng droga o alkohol na maaaring maging panganib sa kaligtasan o kagalingan mo o ng iba, nagbibgay kami ng bai-baitang na pamamaraan sa iyong pangangalaga. Ang mga unang hakbang ay maaaring kabilangan ng (a) screening para sa Substance Use Disorder (SUD) at (b) referral para sa pagsusuri para sa SUD upang suportahan ang iyong hindi na paggamit at paggamot, kung ninanais. Ang anumang potensyal na paglabag sa pagkakaroon o paggamit ng mga ipinagbabawal na droga o alkohol ay maaaring magresulta sa isang bai-baitang na pagdagdag ng screening, pagsubaybay at interbensyon at maaaring kabilangan ng (1) random na screening sa toksikolohiya ng ihi; (2) madalas na pagsiyasat sa iyong mga gamit alinsunod sa batas at regulasyon, (3) makipagtulungan sa iyong Resident Care Team upang magtakda ng kasunduan sa pamamahala ng pag-uugali bilang pagsuporta sa tagumpay ng iyong terapiya, at/o (4) pag-discharge mula sa Laguna Honda kung hindi mo kaya o hindi ka pumapayag na sumunod sa mga patakaran at responsibilidad na ito.

   a. PAGKAKAROON, PAGBEBENTA, O PAKIKIPAGPALITAN NG MGA ILEGAL O NAKAKAPINSALANG BAGAY, tulad ng mga sandata, alkohol, sigarilyo, elektronikong sigarilyo, lighter, posporo, o device na sumisilab, nagsisindi, o nagpapalaki ng apoy, ay lumalabag sa patakaran ng pasilidad at hindi pinahihintulutan.
      i. **Ang HINDI PAGSUNOD sa patakarang ito ay maaaring mauwi sa pagkaka-discharge sa komunidad.**
      ii. Ang hindi pagsunod sa patakarang ito na inilalagay sa panganib ang kalusugan/kagalingan o kaligtasan ng iyong sarili o ng iba ay mauuwi sa napabilis na pagkaka-discharge sa komunidad.

   b. Ang PASALITA O PISIKAL NA AKTO NG AGRESYON ay hindi pinahihintulutan.
      i. **Ang HINDI PAGSUNOD sa patakarang ito ay maaaring mauwi sa pagkaka-discharge sa komunidad.**
      ii. Ang hindi pagsunod sa patakarang ito na inilalagay sa panganib ang kalusugan/kagalingan o kaligtasan ng iyong sarili o iba ay mauuwi sa napabilis na pagkaka-discharge sa komunidad.

9. PERSONAL NA PAG-AARI. Upang maprotektahan ka at ang iyong gamit, ang lahat ng personal na gamit ay dapat itala ng mga tauhan ng Laguna Honda sa oras ng pagpasok. Hindi maaaring mapanagot ang Laguna Honda sa mga bagay na hindi nakatala sa iyong imbentaryo ng mga gamit. Maaaring mapasakamay ng mga residente ang mga sariling gamit sa Laguna Honda habang pinapahintulutan ng mga konsiderasyon sa espasyo, kalusugan at kaligtasan. Ang Laguna Honda ay nagkakaloob ng kaban na may 3 pitak, aparador, at nightstand para mapagtabihan ng mga gamit. Maaaaring mai-lock ang isang pitak ng nightstand upang maprotektahan ang mga gamit na may halaga, hangga't maaari, ang mga bagay na may halaga ay hindi dapat maitabi sa pasilidad upang mabawasan ang panganib ng pagnanakaw o pagkawala ng mga gamit.

Ang Laguna Honda ay hindi nagbibigay ng hiwalay o karagdagang espasyong imbakan. Ang iyong personal na gamit ay dapat magkasya sa espasyo ng muwebles na ibinigay sa iyong silid. Kapag ikaw ay na-discharge, kailangan mong dalhin ang iyong personal na gamit o kung hindi ay itatapon ito.

10. Ang mga PERSONAL NA SASAKYAN ay hindi maaaring mabigyan ng akomodasyon sa Laguna Honda; hindi pinahihintulutan ang pagparada sa labasan para sa personal na sasakyan ng residente, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: mga awto, motorsiklo, bisikleta, o anumang iba pang mga de-motor na sasakyan. Maaaring matiketan ang mga hindi awtorisadong sasakyan at ma-tow na babayaran ng may-ari.

11. PANINIGARILYO. Hinihikayat ng Laguna Honda ang lahat pasyente at residente para tumigil sa paninigarilyo. Gayunpaman, kung pipiliin mong manigarilyo habang nasa Laguna Honda, susuportahan namin ang iyong kakayahang gawin ito nang ligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pangunahing patakarang ito:

    a. Sa oras na ma-admit, ang iyong mga kagamitan sa paninigarilyo (iyon ay, mga sigarilyo, igniter, e-cigarette, produkto ng sigarilyo) ay kakailanganing maisuko sa Resident Care Team para ligtas na maitabi. Itatabi ang iyong mga sigarilyo at dadalhin sa itinalagang lugar ng paninigarilyo araw-araw. Bibigyan ka ng isang sigarilyo sa bawat pagkakataon kapag ikaw ay nasa itinalagang lugar ng paninigarilyo.
    b. Manigarilyo lamang sa itinalagang lugar ng paninigarilyo. Tutulungan ka ng mga tauhan ng Laguna Honda na gumawa ng mga pagsasaayos para makapunta sa lugar ng paninigarilyo sa tuwing kailangan.
    c. Huwag manigarilyo kung ikaw ay naka-oxygen (ito ay isang malaki at agarang panganib sa kaligtasan/kagalingan mo at ng iba).
    d. Huwag manigarilyo sa paligid ng iba na may oxygen (ito ay isang malaki at agarang panganib sa kaligtasan/kagalingan mo at ng iba).
    e. Kung lalabagin mo ang patakaran sa Paninigarilyo ng Laguna Honda, makikipagtulungan ka nang mabuting layunin sa iyong Resident Care Team upang bumuo ng (mga) interbensyon upang matulungan kang sumunod sa patakaran. Maaaring maging kasama sa mga interbensyon ang (a) random o rutinang pagsiyasat na Klinikal/Pangkaligtasan sa iyong silid at/o iyong mga gamit na may pahintulot mo; (b) pag-alis ng mga gamit sa paninigarilyo at mga ipinagbabawal na bagay na nasa iyo; at/o (c) kung ikaw ay panganib sa kaligtasan o kalusugan/kagalingan ng iba, na idini-discharge sa Laguna Honda.

12. ORAS NG KATAHIMIKAN. Ang oras ng katahimikan sa Laguna Honda ay sa pagitan ng 10:00 pm hanggang 7:30 am. Upang itaguyod ay mahimbing na pagtulog, sa mga oras na iyon ay hinihiling namin na panatilihin mong madilim ang iyong mga ilaw at nasa pinakamababa ang antas ng ingay.

13. PAGGAMIT NG TELEBISYON. Ang telebisyong may headphone jack para sa pagkontrol ng ingay ay nakalagay sa magkabilang tabi ng higaan. Mangyaring gamitin ang pillow speaker o headphone upang maiwasan ang pag-istorbo sa iba pang mga residente. Ang mga telebisyong matatagpuan sa mga sala ay nilalayon para sa panonood ng grupo at hindi nangangailangan ng paggamit ng headphone. Mangyaring makipag-ugnayan sa mga tauhan gamit ang iyong telebisyon o kung hindi ito gumagana gaya ng nilalayon.

14. MGA TELEPONO. Available ang mga telepono sa bawat lugar para magamit mo. Hinihikayat ka naming panatilihin ang mga tawag sa responsableng haba ng oras upang magamit ang telepono ng iba pang mga residente. Mangyaring makipag-ugnayan sa mga tauhan para sa tulong sa paggamit ng telepono o kung hindi ito gumagana gaya ng nilalayon.

15. MGA PATAKARANG NAAANGKOP SA MGA RESIDENTE. Sa pamamagitan ng pagpapasyang ma-admit sa Laguna Honda at paglagda sa ibaba, sumasang-ayon kang repasuhin at sundin ang lahat ng patakaran ng Laguna Honda na naaangkop sa mga pasyente at residente, na ginagawang available bago ang admisyon at available para marepaso sa oras na hilingin sa anumang oras sa panahon ng iyong pangangalaga.

**Nabasa at/o napakinggan ko ang mga nilalaman ng form na ito, ang mga Patakaran at Responsibilidad sa Laguna Honda. Kinikilala ko na sa paglagda sa ibaba, nauunawaan ko ang mga patakaran at ang impormasyong nakapaloob sa form na ito, ang mga Patakaran at Responsibilidad sa Laguna Honda. Kung mayroon akong anumang mga katanungan, nauunawaan ko na maaari akong makipag-usap sa isang miyembro ng aking care team.**

| | |
|---|---|
| **Ilimbag ang Pangalan ng Aplikante o Legal na Kinatawan:** | **Petsa** |
| **Ilimbag ang Pangalan ng Kinatawan ng Pasilidad:** | **Petsa** |
| **Saksi (Ika-2 saksi kung walang lagda ng residente/kinatawan)**<br>**Ilimbag ang Pangalan:** | **Petsa** |